Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna



# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BLG. 84-'92**
(Sa mungkahi ni Kag. Tapangco na pinangalawahan ni Kag. Almodovar)

**ANG KAPASIYAHAN**

na nagtitibay at kumikilala sa KASUNDUANG pinasok ni Punong-bayan Roberto R. Gonzales upang maisakatuparan ang pagpapagawa ng karagdagang pagawain sa pagawaing Multi-Purpose.

APPROVED
RESOLUTION No. 376-'91
PROVINCIAL BOARD
Disyembre 9, 1991

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

*************

Sa puntong ito ay pinaksa ng kapulungan ang kahilingan ng Royal Cablevision Corporation na mabigyan sila ng sanggunian ng isang Kapasiyahan na nagtitibay ng paglililiwat o pagpapahintulot na makapaglagay sila ng isang cable television sa bayan ng Santa Rosa. Kinilala ng kapulungan ang pagdalo ni Dr. Jose Santiago Jr., pangulo ng korporasyon at ang mga kasama nitong tekniko na nagpaliwanag ng mga paksang may kina'aman sa pagpapatakbo ng nabanggit na hanapbuhay.

Dahilan sa ang nabanggit na mamumuhunan ay isang korporasyon ay hiniling ni Kag. Bustamante na magsulit ang humihiling ng mga mahahalagang papeles ng korporasyon tulad ng Articles of Incorporation, gayundin ay hiniling ng kapulungan na magsulit din sila ng mga lugal o bayan na mayroon ng cable television upang mapaghambigan at masiyasat kung magiging kapaki-pakinabang sa bayan ng Santa Rosa. Pansamantala, matapos pa ang maikling pagpapalitan ng kuru-kuro at pagpapaliwanag ay ipinasiya ng kapulungan na ipagpaliban ang pagtitibay sa kahilingan.

**************

APPROVED
RESOLUTION No. 376-'91
PROVINCIAL BOARD
Disyembre 9, 1991

**KAUTUSANG BAYAN BLG. XLII-'92**
(Sa mungkahi ni Kag. Catindig na pinangalawahan ni Kag. Lijauco)

**ANG KAUTUSANG BAYAN**

na nagtitibay sa Taunang Badyet para sa 1992 ng Barangay DON JOSE na nagkakahalaga ng SIYAM NA RAAN PITUMPU'T WALONG LIBO WALONG DAAN AT ANIM NAPU'T TATLONG PISO AT TATLONG SENTIMO (₱978,863.03) kasama ang kaukulang puna at rekomendasyon ng Pambayang Lupon sa Pananalapi.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

ERIC T. PUZON
Kagawad

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Kagawad

ARTURO M. TIONGCO
Kagawad

URBANO J. DIA
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE
Kagawad

ROGELIO L. LIJAUCO
Kagawad

RUFINO T. TAPANGCO
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad